KAUTUSANG BLG. ....6711....

6711

KAUTUSANG LUMILIKHA NG "KOMISYON NG MAYNILA '71" UPANG IHANDA ANG MAYNILA SA PAGDIRIWANG NG IKA-APATNARAANG TAONG PAGDIRIWANG NG ARAW NG PAGKAKALUNGSOD NITO; NAGLALAAN NG KINAKAILANGANG SALAPI; AT PARA SA IBA PANG MGA LAYUNIN.

Ipinag-uutos ng Batasang Bayan ng Lungsod ng Maynila, na:

PANGKAT 1. Ang paglikha sa Lungsod ng Maynila ng isang kalipunan na makikilala sa tawag na "Komisyon ng Maynila '71" upang pangasiwaan ang paghahanda ng Maynila para sa ika-apatnaraang taong pagdiriwang ng pagkakalungsod ng Maynila sa Hunyo, 1971 ay binibigyan, sa pamamagitan nito, ng pahintulot.

PANGKAT 2. Ang Alkalde ng Lungsod ng Maynila ay pinagkakalooban ng kapangyarihang humirang ng Komisyonado at iba pang mga pinuno at mga tauhan ng Komisyon upang isakatuparan ang mga adhikain at layunin ng itatatag na kalipunan at upang ang pagdiriwang ay maging isang malaking tagumpay.

PANGKAT 3. Ang halagang ₱500,000.00, o anumang bahagi nito na kakailanganin, ay inilalaan mula sa anumang salapi sa kabang yaman ng Lungsod na hindi pa naiuukol sa ano pa mang bagay, upang gamitin sa pagbabayad ng mga sahod, bigay-karangalan, at mga guguling pampamamahala: SUBALI'T, Ang gugugulin para sa paglilingkod ng mga tauhan ay hindi hihigit sa limampung bahagdan (50%) ng kabuuan ng guguling inilalaan.

PANGKAT 4. Ang kautusang ito ay magkakabisa sa araw ng pagpapatibay.

Ipinasya ng Batasang Bayan ng Lungsod ng Maynila noong Hulyo 26, 1968, at sinusugan ngayon, Agosto 2, 1968.

Pinagtibay ni Gatpuno Antonio J. Villegas ngayong ika-8 ng Agosto, 1968.

PINAGTIBAY:

ANTONIO J. VILLEGAS
Gatpuno ng Maynila

P. REYES CABIGAO
Pangalawang Gatpuno at Tagapangulo
Batasang Bayan

PINATUTUNAYAN:

SERAFIN P. MANALO
Kalihim ng Gatpuno
Maynila

HERMINIO R. NORIEGA
Pansamantalang Kalihim
Batasang Bayan

HRN/ab